(Ang pinaka-mainam na pag-aayuno pagkatapos ng Buwan ng Ramadhan ay ang Buwan ng Allah na Muharram,at ang pinakamainam na Pagdarasal pagkatapos ng ng mga Obligado ay ang Dasal na Gabi

Ayon kay Abe Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya.nagsabi siya;Nagsabi ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-((Ang pinaka-mainam na pag-aayuno pagkatapos ng Buwan ng Ramadhan ay ang Buwan ng Allah na Muharram,at ang pinakamainam na Pagdarasal pagkatapos ng ng mga Obligado ay ang Dasal na Gabi
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Na ang pag-aayuno sa Buwan ng Muharram na kung saan ito ang una sa mga buwan ng taon ng Hijri,ay ang pinakamainam sa Pag-aayuno pagkatapos ng pag-aayuno sa Ramadhan,Sapagkat ito ay unang taon ng pagpapatuloy,kaya`t ang pagsisimula rito ng Pag-aayuno na kung saan ay liwanag,ang siyang pinakamainam na gawain,kayat nararapat sa isang Muslim na magsumikap rito at hindi niya ito pabayaan maliban kung may mabigat na dahilan,At ang pagsabi niyang" Buwan ng Allah" ito ay bilang pagpapatunay sa pagiging Dakila nito,at kakaibang-uri nito sa mga iba nitong mga buwan.At ang pagdadasal ng Gabi ay siyang pinakamainam na kusang-loob na dasal pagkatapos ng Obligadong dasal,Sapagkat ang Pagkatakot doon ay mas naisasaganap dahil sa pagsasama ng Puso at pag-iisa para sa Allah,Nagsabi Siya Pagkataas-taas Niya:{Katotohanan,ang pagbangon sa gabi ay siyang oras na napakahirap higit na mabisa sa pakikipag-isa at higit na akna para [sa pag-unawa] sa mga salita [ni Allah] }[Kabanata Al-Muzammil;6] At dahil sa ang Gabi ay oras ng katahimikan at pamamahinga,kayat kapag ito ay pinalitan ng pagsasamba,para sa sarili nito ay mas matindi at mas mahirap at para sa katawan nito ay mas nakakapagod at nakakapanghina ,kung kaya`t ito ay higit na nakakapasok sa kahulugan ng pag-obliga at higit na mainam para sa Allah

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/11261